cognizancejournal.com

Marinel C. Lubid *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 197-205
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Flashcard: Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Grade 1

Marinel C. Lubid[1]; Ernilyn S. Pablo[2]; Faith L. Paran[3]; Susan A. Payangdo[4]; Jorgette P. Pisda[5]; Maria Lourdes G. Eguia[6]

Graduate School, Baguio Central University, Baguio City, 2600
Cordillera Administrative Region, Philippines
lubid.marinel33@gmail.com; pablo.ernilyn99@gmail.com; paranfaithlamsis@gmail.com; adaclogsusan9@gmail.com; pisda.jorgette25@gmail.com; marialourdeseguia@gmail.com
Correspondence: perfecto_lopez@yahoo.com

DOI: 10.47760/cognizance.2025.v05i01.016

Abstrak: Ang pananaliksik na ito ay naglalayong masukat ang epekto ng paggamit ng mga flashcard bilang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa wikang Filipino para sa mga mag-aaral ng Grade 1 sa Toybongan Elementary School. Gumamit ang mga mananaliksik ng quasi-experimental na disenyo, kung saan ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay tinukoy bago at pagkatapos gamitin ang flashcard sa pamamagitan ng pre-test at post-test. Ang mga resulta ay nagpapakita ng makabuluhang pagtaas mula sa ‘’katamtaman” tungo sa ‘’mahusay” na antas ng kasanayan, na may mean score na 11.07 para sa pre-test at 16.00 para sa post-test. Ang mga natuklasan ay sumusuporta sa mga teoryang nagbibigay-diin sa bisa ng visual aids tulad ng Dual Coding Theory. Sa kabuuan, ang pananaliksik ay nagpapatunay na ang flashcards ay isang mabisang kagamitan sa pagpapabuti ng word recognition, comprehension, at memory retention ng mga mag-aaral. Iminumungkahi rin ang pagsasama ng mga flashcards sa iba pang interaktibong pamamaraan upang higit na mapahusay ang kakayahan sa pagbasa.

Susing Salita: Kasanayan sa pagbasa, flashcards, pre-test, post-test, quasi-experimental

I. INTRODUKSYON

Ang pagbasa ay isang mahalagang kasanayan na nagbibigay daan sa pagkatuto, pag-unlad at pakikipag-ugnayan sa lipunan. Hindi lamang ang pagkilala ng mga titik at pagbigkas ng mga salita, kundi pati na rin ang pag-unawa sa kahulugan ng mga teksto. Ito ay isang proseso na nangangailangan ng aktibong pakikilahok ng mambabasa na nasasangkot ang pag-decode, pagunawa, pag-iisip nanag kritikal at pag-uugnay. Mahalaga ang pagbasa dahil ito ay isang pundasyon ng karununngan at pagkatuto. Ito ay nagpapagana sa atin na makipag-ugnayan sa mundo sa ating paligid, matuto ng mga bagong bagay, at bumuo ng mga ideya.

Ayon kay Delgado-Oliverio (2015), ang pagbasa ay isa sa mga kasanayang pangwika na tulay upang mapahusay at malinang ang kasanayan sa mabisang pag-unawa sa teksto. Ito ay may malaking kaugnayan sa iba pang akrong kasanayang pakikinig, pagsasalita, pagsulat at panonood ng isang tao dahil nagkakaroon ng kakayahang makabuo ng mga kaisipan at makapagpahayag ng damdamin at maayos na makipagkomunikasyon sa lahat ng disiplina o larangan.

Sa Unibersidad ng Warsaw, Poland lumitaw sa pag-aaral nina Zawadka et al., (2021) na ang mga mag-aaral sa naturang paaralan ay mayroong makabuluhang mabigat na suliranin pagdating sa pang-araw-araw na gawain ng pagbasa gaya ng pagunawa sa panuto kahit sa isang maliit na pakete ng pagkain at lebel ng gamot kung kaya’t suporta, paggabay at pagpapabasa ay higit na kinakailangan nila.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

Marinel C. Lubid *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 197-205
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Ayon kina Rasouli & Ahmadi, (2021) ang pagbabasa ay isang kumplikadong kasanayan na nangangailangan ng kasama upang ang tagabasa ay maging matagumpay. Layunin nito na isaisip, gumamit ng mga diskarte kapag nagbabasa ng teksto. Binigyangdiin nina Fountas at Pinnell (2017), na sa lipunang may mayaman na literatura, ang kakayahang magbasa ay mahalaga para sa kalidad ng buhay ng isang tao.

Ayon sa DepEd Memorandum (No. 173, s. 2019), ang programa sa pagpapabasa ay magkakaroon ng mga sumusunod na target awtput: pagsulong, pagpapanatili ng kultura ng pagbasa, pagpapahusay sa kakayahan ng bawat guro sa pagtuturo ng pagbasa at pagpapatupad ng interbensyon. Dagdag pa, ito ay nakapokus patungo sa pagkamit ng paghahasa ng kakayahan sa pagbabasa kung saan bawat mag-aaral ay makabasa at makaunawa nang nakapag-iisa sa kanilang antas o baitang na magreresulta sa pagdagdag ng mga kinalabasan ng pag-aaral. Bukod dito, ang mga teorya sa pagbasa, kasanayan, at pagsasaliksik ay dapat maging gabay sa pagpaplano, pagpapatupad, proseso, pagsubaybay at pagsusuri sa mga yugto ng programang pagpapabasa.

Isa sa mga karaniwang ginagamit na kagamitan sa pagtuturo ng mga guro ay ang mga flashcards, partikular sa pagtututuro ng pagbasa. Ayon sa diksyunaryo ng Britannica, ang flashcards ay isang kard na may mga salita, numero, o larawan at ginagamit upang matulungan ang mga mag-aaral na matuto tungkol sa isang paksa.

Ang paggamit ng mga flashcard ay isa sa mga pinaka karaniwang paraan ng pag-aaral, at ito ang pinakapamilyar ng maraming mag-aaral. Tinutulungan ng mga flashcard ang mga mag-aaral na makisali sa aktibong pag-alala o isang proseso kung saan nakikibahagi ang mga mag-aaral sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagpapasigla sa ating mga ala-ala at paglikha ng pangmatagalang koneksyon sa materyal. Ang mga flashcard ay isa sa madaling gamiting mapagkukunan at maaaring maging kapakipakinabang sa bawat yugto ng klase. Ang mga ito ay mahusay na paraan upang ipakita at mahasa ang bokabularyo. Ang mga magaaral na may kapansanan gaya ng *dyslexia o ADHD*, ay maaaring makinabang sa nakabalangkas. Ang mga repetitibong aktibidad gamit ang flashcards ay maaaring makatulong sa kanilang memorya at atensyon. Bukod dito, ang mga mag-aaral ng Ingles bilang pangalawang wika na natututo ng pagbasa o mga nagsisimula pa lamang matuto ng bagong wika ay makikinabang din sa flashcards. Nakakatulong ito sa kanila na mabilis matutunan ang mga bagong salita at gamitin ang mga ito sa konteksto.

Bukod sa ginagamit ng mga mag-aaral, magagamit din ng mga guro ang flashcard na ito upang tuklasin ang impormasyon at bagong bokabularyo. (Sitompul, 2013) Maliit ang hugis ng flashcard kaya madaling dalhin kahit saan at may iba't ibang larawan at kulay na nagpapainteres sa mga mag-aaral na gamitin ito. Sa bahay, maari ring gumamit ng flashcards ang mga magulang ng flashcard bilang isang paraan upang makapagbigay ng pandagdag na pag- aaral sa kanilang mga anak. Pinapadali nito ang interaktibong oras ng pag-aaral at ginagawang mas kasali ang mga magulang sa pagkatuto ng kanilang mga anak.

Ang mga flashcard ay nananatiling popular at mahalagang kasangkapan sa toolkit ng pagtuturo sa iba't ibang paksa at antas ng grado dahil sa ilang kadahilanan: a) *versatility* – ang mga flashcard ay naaangkop sa iba't ibang pangangailangan sa silidaralan; b) madaling gamitin dahil simple at madaling gawin, iimbak at dalhin ang mga ito; c) pakikipag-ugnayan- ang mga flashcard ay kadalasang ginagawang mas interaktibo ang pagaaral at nakakaengganyo para sa mga mag-aaral dahil maaari nitong mapataas ang partisipasyon at pagganyak ng mag-aaral; d) indibidwal na pag-aaral – maaaring maiangkop ng mga guro ang mga flascard upang matugunan ang mga partikular na pangangailangan ng mga mag-aaral, tumutugon sa bilis ng kanilang pag-aaral o tumutuon sa mga lugar na nangangailangan ng pagpapabuti; e) sumusuporta sa iba't ibang istilo ng pag-aaralhindi lahat ng mga mag-aaral ay natututo sa parehong paraan. Ang mga flashcard ay nagbibigay ng biswal na elemento na nakikinabang sa mga biswal na mag-aaral, habang ang pagsasama ng teksto ay sumusuporta sa pandinig at pandama nn mga magaaral; f) *visual aid* – ang flashcard ay nag-uugnay ng mga salita sa mga larawan o mga kahulugan. Ang *visual cue* na ito ay nakatutulong sa pag-uugnay ng nakasulat na salita sa kahulugan o konsepto nito.

Dagdag pa nina Gabrinez at Mirandilla (2017) sa pagbanggit nina Andales et.al. (2023) Ang Pilipinas ay nagsagawa ng pag-aaral upang imbestigahan ang bisa ng paggamit ng mga sight word flashcards sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa ng mga unang baitang sa isang pampublikong paaralan sa Cebu. Ang mga resulta ay nagpakita na ang paggamit ng mga sight words ay makabuluhang napabuti ang mga kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sa mga flashcard ay maaaring mapahusay ang pagunawa at pagpapanatili ng mga mag-aaral sa mga salita sa *sight words.*

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

Marinel C. Lubid *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 197-205
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Isang isyu sa paggamit ng flashcards ay ang limitasyon nito sa pagtuturo ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa pagbasa. Ayon kay Marzano (2007), ang flashcards ay epektibo sa pagpapabuti ng memorya ng mga mag-aaral para sa mga simple at pangunahing impormasyon tulad ng bokabularyo. Gayunpaman, hindi nito ganap na natutugunan ang mga kakayahang kinakailangan para sa mas malalim na pag-unawa sa mga teksto, gaya ng pagbibigay ng kahulugan at kritikal na pagsusuri. Sa konteksto ng pagtuturo ng pagbasa sa wikang Filipino, maaaring magamit ang flashcards sa simula, ngunit kailangang sinamahan ito ng iba pang mga estratehiya upang matiyak ang mas komprehensibong pagkatuto.

Ayon kina Dunn at Dunn (1993), ang mga mag-aaral ay may iba't ibang paraan ng pagkatuto, at hindi lahat ay natututo nang mahusay sa pamamagitan ng mga biswal na materyales tulad ng flashcards. Ang ilang mag-aaral ay mas natututo sa pamamagitan ng pakikinig o pisikal na interaksyon, na maaaring magdulot ng limitasyon sa paggamit ng flashcards bilang pangunahing kasangkapan sa pagtuturo ng pagbasa sa wikang Filipino. Kaya't kinakailangang isaalang-alang ng mga guro ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang masakop ang lahat ng istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

May pakinabang ang hatid ang flashcard una, pagpapabilis ng pagkilala sa mga salita *(Word Recognition)* Ang paggamit ng flashcards ay napatunayang nakakatulong sa pagpapabilis ng pagkilala sa mga salita. Ayon kay Ehri (2005), ang flashcards ay epektibo sa pagbibigay ng madalas at mabilis na pagsasanay sa mga mag-aaral sa pag-alala at pag-uugnay ng mga salita sa kanilang mga kahulugan. Sa konteksto ng wikang Filipino, ang regular na paggamit ng flashcards para sa pagbasa ay maaaring mapabilis ang pagkilala sa mga salitang karaniwang ginagamit sa wikang Filipino, pagsasanay ng memorya at pagpapanatili ng kaalaman *(Memory Retention)*.

Isa sa mga pangunahing benepisyo ng flashcards ay ang pagpapalakas ng memorya. Ayon kay Roediger at Butler (2011), ang pagsasanay gamit ang flashcards ay nakakatulong sa mas matagal na pagpapanatili ng impormasyon dahil sa prinsipyo ng "spaced repetition." Sa pagtuturo ng pagbasa sa wikang Filipino, ang paulit-ulit na paggamit ng mga flashcards ay maaaring magbigay-daan sa mas matagalang pag-alala ng mga bokabularyo at mga simpleng pangungusap na makakatulong sa mas mabilis na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Isa pang benepisyo ay nagpapalakas ng pagtuon at konsentrasyon *(Focus and Attention)*. Ang flashcards ay nagbibigay ng isang simple at tuwirang paraan ng pagtuturo na tumutulong sa mga mag-aaral na manatiling nakatuon sa isang partikular na salita o konsepto. Ayon kina Mayer at Moreno (2003), ang mga materyales sa pagtuturo na nagbibigay ng agarang pagpuna at nakapokus sa isang gawain ay mas epektibo sa pagpapalakas ng atensyon. Sa pamamagitan ng flashcards, ang mga guro ay makakapagturo ng pagbasa sa mas maayos na paraan, lalo na sa mga batang nahihirapang magbigay ng buong atensyon sa pagbabasa. Ang mga benepisyong ito ay nagpapakita na ang flashcards ay isang kapaki-pakinabang na kasangkapan sa pagtuturo ng pagbasa sa wikang Filipino, lalo na sa mga aspeto ng pagkilala sa salita, pagpapanatili ng kaalaman, at konsentrasyon ng mga mag-aaral.

Sa pangkalahatan, ang flashcards ay epektibong gamit para sa mga mag-aaral, guro, magulang, at maging sa mga espesyal na grupo ng nag-aaral.

Sa pagsusuri na ito, magkakaroon ng mga positibong benepisyo para sa iba't ibang sektor ng edukasyon. Para sa mga mag-aaral, inaasahan ang pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa. Ang pagsusuri ay magbibigay daan sa mas malalim na kaalaman at kasanayan sa pagsusuri ng iba't ibang teksto, at magbubukas ng landas para sa personal na pagsulong sa kanilang akademikong landas (Sario et. al, 2022). Para naman sa mga guro, ang mga natuklasang suliranin at kahinaan ng mga mag-aaral ay magbibigay ng mahalagang impormasyon para sa mas maayos at mas personalisadong pagtuturo. Ang pagsusuri ay maaaring magdulot ng pagpapalalim sa kanilang kaalaman sa mga pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pag-unawa. Sa mga magulang, inaasahan ang aktibong pakikilahok sa edukasyon ng kanilang mga anak. Ang pagsusuri ay magbibigay daan para sa mas malalim na pagunawa ng mga magulang sa mga akademikong pangangailangan ng kanilang mga anak, at maaaring magsilbing gabay sa pagbibigay ng suporta at pagtutok sa mga bahay na gawain na naglalayong mapabuti ang pag-unlad sa pagbasa ng kanilang mga anak. Sa administrasyon ng paaralan, ang pagsusuri ay magiging pundasyon para sa pagbuo at pagsasaayos ng mga programang pang-edukasyon. Ito ay magbibigay daan para sa mga interbensiyon at programa na makakatulong sa pangkalahatang pag-unlad ng kakayahan sa pagbasa. Ang impormasyon ukol sa mga pangangailangan at

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

Marinel C. Lubid *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 197-205
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

kakulangan ay maaaring maging basehan para sa alokasyon ng pondo at iba pang kagamitan na makakatulong sa pangangailangan ng mga mag-aaral at guro.

Layunin ng pagsusuri na ito na suriin at masukat ang antas ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Grade 1 ng Toybongan Elementary School para sa taong panuruan 2024-2025. Sa pangkalahatan, ang layunin ng pagsusuri ay magbigay ng masusing pagsusuri at impormasyon ukol sa kalagayan ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga magaaral sa Grade1 gamit ang flashcard, at gawing rekomendasyon para sa mga potensyal na interbensiyon at pagpapaunlad sa kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasa.

II. METODOLOHIYA

Inilahad sakabanatang ito ang mga proseso tulad ng deskriptibong pananaliksik, eksperimentong quasi, pag-aanalisa at interpretasyon ng mga datos, lokasyon at populasyon ng pananaliksik, instrumento ng paglikom ng mga datos, pagbubuo at pagpapatibay ng kagamitan.

Ginamit ng mga mananaliksik ang deskriptibong pananaliksik, eksperimentong quasi, pangangasiwa ng pre-test at post-test, Instrumentong istatistika, pag-aanalisa at interpretasyon ng mga datos sa kasanayang pagbasa ng mga mag-aaral.

Ayon kay Green (2001) ang pananaliksik ay palarawan kung ito ay naghahanap ng mga karagdagang impormasyon upang patatagin at sang-ayunan ang tanggap at matatag na katotohanan. Ang palarawang pananaliksik ay disenyong pangangalap ng impormasyon hinggil sa mga salik na kaugnay sa paksa ng pananaliksik (Bernales, 2010).

Ang *quasi-experimental* ang ginamit kung saan ang pre-test ay nagbigay ng isahang pagsusulit na pagbasa sa paraang tradisyunal at sa post-test ginamit ang flashcard sa isahang pagsusulit na pagbasa para makalikom ng mga datos ang mga mananaliksik at naniwala na angkop ang disenyong ito upang mapadali ang pangangalap ng datos mula sa mga tagatugon.

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa Paaralang Elementarya ng Toybongan, sa Tuba, Benguet sa taong panuruan 2024-2025. Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay binubuo ng labinlimang (15) mag-aaral sa Grade 1. Ang mga mag-aaral ay nabigyan ng pagbasang pagsusulit na may iskor o puntos na dalawampu (20).

Sa pangangalap ng datos, ang ginamit ay talatanungan na naaprobahan ng lupon ng mga tagasuri na binasa bilang instrumento sa pangangalap ng datos. Sa pamamagitan nito ay maipapahayag ng mga tagatugon nag kanilang kasanayan sa pagbasa.

Ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng pagbasa sa napiling seleksyon. Ang guro ang nagbasa ng maikling kuwento na may pamagat na “Ang Kamatis ni Peles” ni Virgilio Almario at sinagot ng mga mag-aaral ang mga katanungan hango sa binasang maikling kuwento. Ipinasagot sa 10-piling mag-aaral na nasa Grade 1 na hindi kasali sa pananaliksik gamit ang *Kuder-Richardson Instrument.* Ginamit ang pormula na ito upang suriin ang kalidad ng tool o ang talatanungan bago ito lubos na ipatupad.

Ang unang hakbang na ginawa ng mga mananaliksik ay kumuha ng liham pahintulot mula sa dekana ng Paaralang Gradwado ng Baguio Central University para maisagawa ang pagaaral na ito.

Ang pamamahala ng pagsusulit sa mga tagatugon ay ginanap ng dalawang beses; kung saan ang unang pamamahala ay tumutukoy sa pre-test habang ang ikalawang pamamahala nama’y tumutukoy sa post-test. Ang pre-test ay isinawa para malaman ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral ng Grade 1. Pagkatapos ng pre-test ay gumawa ang mananaliksik ng flashcards para hasain ang mga mag-aaral sa pagbasa at pagintindi ng mga salita sa seleksiyon. Ginamit ang flashcards sa loob ng isang linggo bago isagawa ang post-test.

Ang mga datos na nakalap at nalikom ay itinala, sinuri at masusing ayon sa kinalabasan ng istatistika na inuri at ipinakita sa isang tabular na porma bago ito bibigyang kahulugan. Ang kabuuang deskriptibong hakbang ang ginamit sa pagtrato ng mga datos. Upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng kasanayan sa pagbabasa ng mga mag- aaral gamit ang flash card, ang *t-test* (Subong, 2006) ang ginamit na pormula upang tukuyin kung may kabuluhang pagkakaiba ang kasanayan sa pagbabasa bago at pagkatapos gamitin ang flashcard.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com

Marinel C. Lubid *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 197-205
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Iskor	Antas	Interpretasyon	Simbolo
18 - 20	Antas 5: Napakahusay (Excellent)	Ang mag-aaral ay may napakahusay na kasanayan sa pagkilala ng mga salita. Tumpak, mabilis, at may maayos nap ag-unawa.	N
15 - 17	Antas 4: Mahusay (Proficient)	Ang mag-aaral ay may mahusay na kasanayan, ngunit maaaring mangailangan ng bahagyang pagsasanay sa bilis at katumpakan.	M
11 - 14	Antas 3: Katamtaman (Adequate)	Katamtaman ang kasanayan ng mag-aaral. Kailangan ng karagdagang pagsasanay sa pagkilala ng mga salita at bilis ng pagbasa.	Ka
6 - 10	Antas 2: Nangangailangan ng Pag-unlad (Needs Improvement)	Mababa ang kasanayan ng mag-aaral. Malaking supurta sa phonics, word recognition at pagbasa ang kinakailangan.	NP
0 - 5	Antas 1: Kritikal (Critical)	Kritikal ang kasanayan ng mag-aaral. Kailangan ng masinsinang interbensyon upang mapaunlad ang batayang kasanyan sa pagbasa.	Kr

III. KINALABASAN AT PAGTATALAKAY

A. Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral
Bago Gamitin ang Flashcard sa Pagtuturo sa Filipino.

Ayon sa Talahanayan 1 na may kabuuang mean na 11.07, ipinapakita na may katamtamang antas ng kasanayan sa pagbasa ang mga mag-aaral. May 40% ng mga mag-aaral ang nasa antas ng katamtaman na kasanayan sa pagbasa. Samantala, 26.67% na mag-aaral ang nangangailangan ng pag-unlad, habang 13.33% na mag-aaral ay nasa kritikal na antas, 6.67% naman na mag-aaral ang nasa napakahusay na antas at 13.33% na mag-aaral ang nasa mahusay. Ang resulta ng mag-aaral na nangangailangan ng pagunlad at nasa kritikal na antas ay dulot ng kakulangan ng sapat na interbensyon o kasangkapan sa pagbasa na nakatuon sa pagpapahusay ng bokabularyo at bilis sa pagkilala ng salita. Ayon kay Ehri (2005), ang kawalan ng sapat na pagsasanay sa phonemic awareness at word recognition ay isang pangunahing hadlang sa mahusay na kasanayan sa pagbasa. Sa mga mag-aaral na nasa antas ng katamtaman, napakahusay at mahusay ay mayroon ng dating kaalaman kaalaman sa pagbasa.

Batay Talahanayan 1 na kinalabasan ng pag-aaral, tanggap ang unang pala-palagay na may katamtamang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral bago gamitin ang flashcard.

Talahanayan 1
Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral Bago Gamitin ang Flashcard sa Pagtuturo sa Filipino (N=15)

Bilang ng mga Mag-aaral	Puntos sa *pre-test*	Interpretasyon
1	5	Kritikal
2	13	Katamtaman
3	7	Nangangailangan ng Pag-unlad
4	11	Katamtaman
5	5	Kritikal
6	12	Katamtaman
7	11	Katamtaman
8	9	Nangangailangan ng Pag-unlad
9	14	Katamtaman

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

Marinel C. Lubid *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 197-205
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

10	18	Napakahusay
11	8	Nangangailangan ng Pag-unlad
12	17	Mahusay
13	9	Nangangailangan ng Pag-unlad
14	12	Katamtaman
15	15	Mahusay
	S= 166	
Kabuuang Mean	M=11.07	Katamtaman

Legend:

Iskor	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
18-20	Napakahusay	N
15-17	Mahusay	M
11-14	Katamtaman	Ka
6-10	Nangangailangan ng Pag-unlad	NP
0-5	Kritikal	Kr

B. Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral Pagkatapos Gamitin ang Flashcard sa Pagtuturo sa Filipino

Ayon sa talahanayan 2 na may kabuuang mean na 16.00, ipinapakita na mahusay ang antas ng kasanayan sa pagbasa pagkatapos gamitin ng mga mag-aaral ang flashcards. Sa labinlimang mag-aaral, may 60% ng mga mag-aaral ang nakakuha ng antas na "mahusay" matapos gamitin ang flashcards. Nasa antas na "napakahusay" ang mga mag-aaral naman ang may 26.67% habang 13.33% na mag-aaral ang nasa "katamtaman."

Walang mag-aaral ang naitala sa mababang antas ng kasanayan. Ayon sa Dual Coding Theory ni Paivio (1971), ang paggamit ng flashcards ay nakapagbibigay ng biswal at verbal na representasyon na tumutulong sa mas mahusay na pag-unawa at pag-alala sa impormasyon at naglalahad na ang paggamit ng biswal at verbal na representasyon, ay epektibo sa pagpapahusay ng pag-unawa at memorya ng mag-aaral.

Batay sa Talahanayan 2 na kinalabasan ng pag-aaral, tanggap ang pala-palagay, ito ay nagpapahiwatig na epektibo ang flashcards sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa. Ipinakita ng resulta ay tumutugma sa antas na "mahusay," na nangangahulugang nagkaroon ng positibong epekto ang interbensyon sa pagpapabuti ng word recognition, bilis, at pagunawa ng mga mag-aaral.

Talahanayan 2
Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral Pagkatapos Gamitin
Ang Flashcard sa Pagtuturo sa Filipino (N=15)

Bilang ng Mag-aaral	Puntos sa *post-test*	Interpretasyon
1	15	Mahusay
2	15	Mahusay
3	14	Katamtaman
4	18	Napakahusay
5	15	Mahusay
6	15	Mahusay
7	13	Katamtaman
8	17	Mahusay

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

Marinel C. Lubid *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 197-205
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

9	16	Mahusay
10	20	Napakahusay
11	15	Mahusay
12	18	Napakahusay
13	16	Mahusay
14	15	Mahusay
15	18	Napakahusay
	S= 240	
Kabuuang Mean	M=16.00	Mahusay

Legend:

Iskor	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
18-20	Napakahusay	N
15-17	Mahusay	M
11-14	Katamtaman	Ka
6-10	Nangangailangan ng Pag-unlad	NP
0-5	Kritikal	Kr

C. Kabuuang Pagkakaiba sa mga Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral Bago at Pagkatapos Gamitin ang Flashcard sa Pagtuturo sa Filipino

Inilalahad sa Talahanayan 3 ang pagkakaiba ng antas ng kasanayan sa pagbasa bago at pagkatapos gamitin ang flashcard.

Batay sa Talahanayan 3 ang mga resulta ng datos ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang flashcard. Ang mean score ng pre-test ay 11.07, na naglalarawan ng "katamtamang" antas ng kasanayan, habang ang post-test ay may mean score na 16.00, na tumutukoy sa "mahusay" na antas. Ang computed t-value (6.086) ay mas mataas kaysa sa critical t-value na 1.761. Inilalahad ng talahanayan na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba bago at pagkatapos gamitin ang flashcard.

Ayon kay Vygotsky (1978), ang pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa ay nakasalalay sa paggamit ng mga scaffolding tools tulad ng flashcards, na tumutulong sa mga mag-aaral na abutin ang kanilang Zone of Proximal Development (ZPD). Ang paggamit ng flashcards ay nagbibigay ng istruktura at patnubay na kinakailangan para sa pagkatuto. Dagdag pa rito, ipinaliwanag nina Paivio (1971) at Mayer & Moreno (2003) na ang kombinasyon ng salita at larawan sa flashcards ay sumusunod sa Dual Coding Theory, na nagpapahusay sa memory retention at comprehension sa pamamagitan ng sabayang pagproseso ng verbal at visual na impormasyon. Sinusuportahan din ng Cognitive Load Theory ni Sweller (1988) ang epektibo ng flashcards bilang materyal na nagpapababa ng cognitive load. Ang simpleng disenyo ng flashcards ay nagbibigay-daan para sa mas mabilis na pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral. Samantala, ayon kina Roediger at Butler (2011), ang regular na paggamit ng retrieval practice gamit ang flashcards ay nagpapatatag ng pangmatagalang memorya, na malinaw na makikita sa pagtaas ng scores mula pre-test hanggang post-test.

Talahanayan 3
Kabuluhang Pagkakaiba sa mga Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral
Bago at pagkatapos Gamitin ang Flashcard sa Pagtuturo sa Filipino

	PRE-TEST	**POST TEST**	**D**	**D^2**
1	5	15	10	100
2	13	15	2	4
3	7	14	7	49
4	11	18	7	49

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

Marinel C. Lubid *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 197-205
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

5	5	15	10	100
6	12	15	3	9
7	11	13	2	4
8	9	17	8	64
9	14	16	2	4
10	18	20	2	4
11	8	15	7	49
12	17	18	1	1
13	9	16	7	49
14	12	15	3	9
15	15	18	3	9
	S= 166	S= 240	ΣD=74	$\Sigma D^{2=}$ 504
Kabuuang Mean	M=11.07	M=16.00	M=4.93	

t-comp = 6.086
$t_{0.05}$, 14 df = 1.761
Resulta: Makabuluhang Pagkakaiba
Pasya: Tanggap

IV. KONKLUSYON

Batay sa mga nakalap na resulta ang mga mananaliksik ay nakabuo ng mga sumusunod na konklusyon: 1) Ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral bago gamitin ang flashcard ay katamtaman na ang ibig sabihin ay maaaring may dati ng kaalaman ang mga mag-aaral; 2) Ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang flashcard ay mahusay na nangangahulugang tumaas ang antas ng kasanayan nila sa pagbasa; 3)May makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagbasa bago at pagkatapos gamitin ang flashcard. Ipinapakita nito na ang flashcards ay isang mabisang kagamitan para sa pagpapataas ng kasanayan ng pagbasa.

PASASALAMAT

Ang mga mananaliksik ay ipinaaabot ang walang hanggang pasasalamat sa lahat ng mga naging bahagi ng pag-aaral na ito:

Una sa lahat, sa ating Panginoong Maykapal, sa pagbibigay ng karunungan, tibay ng loob at sa patuloy na pamamatnubay; Dr. Margarita Cecilda Bulaqueña- Rillera, Pangulo, Baguio Central University sa kaniyang patuloy na pagganyak at nagsilbing inspirasyon sa mga mananaliksik sa kanilang hinarap; Dr. Genevieve C. Kupang, Dekana ng Paaralang Gradwado, sa kaniyang pagbibigay ng pahintulot na ipagpatuloy ang pananaliksik na ito; Dr. Maria Lourdes G. Eguia, guro, sa matiyaga at walang kapagurang pagwawasto, paggabay, pag-unawa, pagbibigay ng panahon at pagtulong sa mga mananaliksik; Sa lupon ng tagasuri, sa tagapangulo na si Dr. Perfecto M. Lopez at sa mga kasapi na sina Dr. Maria Lourdes G. Eguia at G. Eugene M. De Guzman, lubos na pasasalamat sa kanilang pagbibigay ng mga mungkahi at tagubilin sa mga mananaliksik para sa ikauunlad ng pananaliksik na ito; Sa mga tagapangasiwa ng silid-aklatan ng Baguio Central University sa kanilang walang sawang paghatid ng serbisyo dahil sa mga aklat at iba pang sanggunian na naging batayan sa pananaliksik na ito; Kay Gng. Minda B. Pagnas, ang kasalukuyang prinsipal ng Miguel Integrated School, sa pagpapahintulot sa amin na isagawa ang *reliability and validity test* ng aming talatanungan; Kay G. Fredie S. Laruan, ang kasalukuyang punong-guro ng Paaralang Elementarya ng Toybongan, sa pagpapahintulot sa amin na isagawa ang pag-aaral na ito; Sa mga mag-aaral ng Grade I sa Toybongan na sumagot sa mga talatanungan sa gabay ng kanilang guro na si Gng. Mary Joy C. Lao-anes at sa kanilang bukas-palad upang maisakatuparan at matapos ang pag-aaral na ito.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com

Marinel C. Lubid *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 197-205
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

MGA SANGGUNIAN

1. Amcay, M.S. Amcay (2024). *Paggamit ng Flip Top sa Paglinang sa Makrong Kasanayan sa Pagsasalita ng mga mag-aaral*. IsangThesis, Baguio Central School University, Baguio City.
2. Shiffrin, R. C., & R. M. (1968). *Human memory: A proposed system and its control processes. In K.W. Spence (Ed.),* The Psychology of learning and motivation: Advances in research and theory (Vol. 2, pp. 89-195). New York. Academic Press.
3. Baandura, A. (1977). *Social Learning Theory*. Published in 1977 by Prentice Hall
4. Calana, S.C. (2024), *Using Flashcard in Developing the word Recognition Skills of Grade 1*. Isang Thesis, Baguio Central University, Baguio City.
5. Dunn, R. & K. Dunn (1978). *Teaching students through their individual learning styles: A practical approach.* Reston, VA: Reston Publishing Company.
6. Ebbinghaus, H (1885). *Über das Gedächtnis:* Untersuchungen zur experimentellen Psychologie. Leipzig: Duncker & Humblot.
7. Eri, L. C. (2005). *Learning to read words:* Theory, findings, and issues. Scientific Studies of Reading, 9(2), 167-188. Englewood Cliffs, NJ: Prentice-Hall.
8. Fleming, N. D. (2001). *Teaching and Learning Styles:* "Teaching and Learning Styles: VARK Strategies" by Neil D. Fleming, published in 2001
9. L. S. Fuchs, L. S. & S. L. Deno (1994). *Curriculum-Based Measurement: Developing and Evaluating Performance*. The Journal of Special Education, 28(1), 77-90.
10. Good, R. H. & R. A. Kaminski (2002). *Dynamic Indicators of Basic Early Literacy Skills* (DIBELS). University of Oregon.
11. Kolb, D. A. (1984). *Experiential Learning:* Experience as the Source of Learning and Development. National Institute for Literacy. (2008). *Developing early literacy:* Report of the National Early Literacy Panel. National Institute for Literacy.
12. Paivio, A. (1971). *Imagery and verbal processes.* New York: Holt, Rinehart & Winston.
13. Paivio, A. (1986). *Mental Representations:* A Dual Coding Approach. New York: Oxford University Press.
14. Piaget, J. (1952). *The origins of intelligence in children.* New York: International Universities Press.
15. Piaget, J. (1972). *The Psychology of the Child.* New York: Basic Books.
16. Roediger, H. L. & A. C. Butler (2011). *The critical role of retrieval practice in long-term retention*. Trends in Cognitive Sciences, 15(1), 20-27.
17. Skinner, B. F. (1957). *Verbal Behavior.* New York: Appleton-Century-C Crofts.
18. Sweller, J. (1988). *Cognitive load during problem solving:* Effects on learning. Cognitive Science, 12(2), 257-285.VARK Strategies. Christchurch, New Zealand: VARK Learn Limited.
19. Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in Society:* The Development of Higher Psychological Processes. Cambridge, MA: Harvard University Press.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved